# Kalinisang-puri





Mahal kayo ng inyong Ama sa Langit at nais Niya kayong lumigaya ngayon at magpakailanman. Nagbigay Siya ng payo at mga utos sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta para tulungan kayo. Ang isang utos na mahalaga sa inyong kapayapaan at kaligayahan ay ang Kanyang utos hinggil sa kadalisayan ng puri, na kilala bilang batas ng kalinisang-puri. Itinatag ng Panginoon ang batas na ito sa simula pa lamang, at binigyang-diin Niya ang kahalagahan nito kay Propetang Joseph Smith bilang bahagi ng Pagpapanumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ang pagsunod sa utos na ito ay kailangan para mabinyagan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.


## *Ano ang Batas ng Kalinisang-puri?*

Ang pagtatalik sa pagitan ng mag-asawa ay maganda at sagradong bahagi ng plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak. Ito ay pagpapahayag ng pag-ibig ng mag-asawa at nagpapahintulot sa kanila na lumikha ng buhay. Iniutos ng Diyos na gamitin lamang ang sagradong kapangyarihang ito sa pagitan ng isang lalaki at isang babaeng ikinasal nang legal. Ang batas ng kalinisang-puri ay para sa kapwa kalalakihan at kababaihan. Kasama rito ang mahigpit na pag-iwas sa sekswal na relasyon bago ang kasal at lubos na katapatan sa asawa pagkatapos ng kasal.

> *Iniuutos ng batas ng kalinisang-puri na ilaan ang relasyong sekswal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae pagkatapos nilang makasal sa isa't isa.*

Dagdag pa sa paglalaan ng sekswal na relasyon sa kasal, sinusunod natin ang batas ng kalinisang-puri sa pagpipigil sa ating isipan, pananalita, at kilos. Itinuro ni Jesucristo, "Narinig ninyong sinabi, Huwag kang mangangalunya: datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't tumingin sa isang babae na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala na ng pangangalunya sa kaniyang puso" (Mateo 5:27–28).





## *Bakit Ko Dapat Sundin ang Batas ng Kalinisang-puri?*

Ibinigay ng inyong Ama sa Langit ang batas ng kalinisang-puri para pangalagaan at pagpalain kayo. Tulad ng lahat ng sagradong bagay, ang pisikal na relasyon ay dapat gawin ayon sa tagubilin ng Diyos. Kapag sinusunod ninyo ang batas ng kalinisang-puri, matatamasa ninyo ang kaligayahan, kapayapaan, at paggalang sa sarili. Matatamasa ninyo ang tiwala at pananalig sa inyong pamilya, at pagpapalain kayo ng pagpipigil sa sarili. Matatamasa ninyo ang mga pagpapala ng ebanghelyo ni Jesucristo sa pamamagitan ng impluwensya ng Espiritu Santo.

*Kapag ipinamumuhay ninyo ang batas ng kalinisang-puri:*

- *Maaanyayahan ninyo ang Espiritu Santo sa inyong buhay.*
- *Lalong mag-iibayo ang paggalang ninyo sa sarili kapag nagpipigil kayo sa sarili.*
- *Magkakaroon kayo ng higit na pagtitiwala sa inyong pagsasama.*
- *Mag-iibayo ang inyong pagmamahal sa mga nakapaligid sa inyo.*

Pinaniniwala ni Satanas ang mga tao na ang sekswal na relasyon ng dalawang taong hindi kasal sa isa't isa ay katanggap-tanggap at kanais-nais. Subalit ito ay isang mabigat na kasalanan; palaging itinuturo ng Diyos sa Kanyang mga anak na maging marangal at malinis (tingnan sa Exodo 20:14 at Alma 39:3–5). Ang alituntuning ito ay walang hanggan.

Ang paglabag sa batas ng kalinisang-puri ay pang-aabuso sa kapangyarihang ibinigay ng Diyos na lumikha ng buhay;

nagpapakita ito ng pagwawalang-halaga sa Kanya at sa Kanyang mga anak. Pinahihina nito ang espirituwalidad at madalas itong humantong sa kapaitan, kasawian, diborsyo, sakit, at aborsyon. Yaong mga lumalabag sa batas na ito ay lantad sa mas malaking impluwensya ni Satanas. Ang kasalanang ito ay lubha ring nakakaapekto sa mga miyembro ng pamilya at sa iba.

## *Paano Ko Susundin ang Batas ng Kalinisang-puri?*

Iniutos ng Diyos na magkaroon ng mataas na pamantayang moral ang Kanyang mga anak. Upang masunod ang batas ng kalinisang-puri, kailangang palitan ninyo ng mga makabuluhang bagay ang masasamang kaisipan, salita, at kilos. Ang sumusunod na mga alituntunin ay makatutulong:

> *"Puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang humpay; sa gayon ang iyong pagtitiwala ay lalakas sa harapan ng Diyos."*
>
> **D at T 121:45**

**Mga Kaisipan.** Ang maganda at kapaki-pakinabang na mga kaisipan ay magpapalis sa mga kaisipang masama at imoral sa inyong buhay. Kapag pinuno ninyo ang inyong buhay ng mabubuting kaisipan at aktibidad, mag-iibayo ang inyong kakayahang palitan at daigin ang masasamang kaisipan. Ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan, paglilingkod sa inyong pamilya, kasipagan sa trabaho, at pagsama sa makabuluhang paglilibang ay tutulong sa inyo na mapigil ang inyong isipan.





Iwasan ang lahat ng anyo ng pornograpiya. Nakalululong at nakapipinsala ito. Mawawalan kayo ng paggalang sa sarili at pagpapahalaga sa kagandahan ng buhay. Huwag tulutang manatili sa inyong isipan ang mahahalay o imoral na kaisipan o tanawin. Huwag manood, magbasa, o makinig ng anumang bagay na nagpapakita o naglalarawan ng katawan ng tao o ng sekswal na asal sa walang galang na paraan. Iwasang tumingin sa iba nang may pagnanasa, at iwasan ang mga pelikula, palabas sa telebisyon, Internet site, musika, aklat, magasin, at aktibidad na nagpapahiwatig o hayagang nagpapakita ng kalaswaan.

**Pananalita.** Patatagin at palakasin ang iba sa inyong pananalita. Alisin ang mga salita, biro, at paksang nakakababa ng pagkatao, bulgar, at mahalay sa inyong mga pag-uusap.

**Mga Kilos.** Pakitunguhan nang may paggalang ang iba sa tuwina. Maging disente sa inyong pananamit. Kung aalalahanin ninyo na bawat tao ay anak ng Diyos, at kung gagawin ninyo ang lahat ng makakaya ninyo para tulungan ang iba na sundin ang Kanyang plano, kayo ay palalakasin sa inyong hangarin na sundin ang batas ng kalinisang-puri.

Pagpasiyahan ngayon na hindi kayo gagawa ng anuman nang hindi pa kayo kasal para pukawin ang masisidhing damdaming dapat lamang ipahayag kapag mag-asawa na kayo. Huwag pukawin ang mga damdaming iyon sa ibang tao o sa inyong sarili. Huwag makibahagi sa mga gawaing homosekswal o iba pang imoral na mga aktibidad. Palitan

ng mga kapaki-pakinabang na aktibidad at libangan ang mga aktibidad na tutukso sa inyong labagin ang batas ng kalinisang-puri. Sa pag-aasawa, manatiling lubos na tapat sa inyong asawa sa isipan at kilos.

Dahil ang pagsunod sa batas ng kalinisang-puri ay maglalapit sa inyo sa Diyos, aakitin kayo ni Satanas na labagin ang utos na ito. Alam niya kung kayo ay malungkot, nalilito, o nalulumbay, at tutuksuhin niya kayo kapag kayo ay mahina. Humingi ng tulong sa inyong Ama sa Langit sa panalangin, at bibigyan Niya kayo ng lakas na mapaglabanan ang tukso (tingnan sa I Mga Taga Corinto 10:13). Kapag umaasa kayo sa Kanya at sinusunod ang mga alituntuning ito, mapaglalabanan ninyo ang tukso.

## *Mga Pagpapala sa Pamumuhay ng Batas ng Kalinisang-puri*

Habang ipinamumuhay ninyo ang batas ng kalinisang-puri, mas handa kayong tumanggap ng impluwensya ng Espiritu Santo. Sa patnubay ng Espiritu Santo, magkakaroon kayo ng higit na karunungan, mahaharap ang mga pagsubok nang may higit na tapang, madarama ang suporta at patnubay ng Diyos sa inyong buhay, at magiging halimbawa sa inyong pamilya at sa iba. Ang pagmamahal ninyo sa inyong asawa ay titindi, yayabong, at magiging higit na makabuluhan. Higit na mapapayapa ang inyong isipan.



*Anuman ang nagawa ninyo noon, malalaking pagpapala ang mapapasainyo kung sisimulan ninyo ngayong ipamuhay ang batas ng kalinisang-puri.*

Sa mga banal na kasulatan natutuhan natin na ang tunay na kaligayahan ay nagmumula sa pagsunod sa mga utos ng Diyos (tingnan sa Mosias 2:41) at na "ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan" (Alma 41:10).

Kung lumabag na kayo sa batas ng kalinisang-puri, ginawang posible ng Diyos na makapagsisi kayo at maging malinis muli. Pagsisihan ngayon ang anumang nagawang mga kasalanan noon, at mangakong ipamuhay ang sagradong batas na ito. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at tunay na pagsisisi, kayo ay mapapatawad at makadarama kayo ng kapayapaan.

## Karagdagang Pag-aaral

Ang sumusunod na mga tanong at banal na kasulatan ay makakatulong sa inyo na maragdagan ang inyong kaalaman tungkol sa mga alituntunin sa polyetong ito. Ituturo sa inyo ng mga talababa at talata sa mga banal na kasulatan ang mga karagdagang talata at sanggunian tungkol sa mga alituntuning ito.

### Ano ang ibig sabihin ng sundin ang batas ng kalinisang-puri?
### Bakit napakahalaga ng batas na ito?

Exodo 20:14 (Biblia, Lumang Tipan)

Mga Kawikaan 6:27–32 (Biblia, Lumang Tipan)

Kay Tito 2:11–12 (Biblia, Bagong Tipan)

Alma 39:3–5 (Aklat ni Mormon, mga pahina 445–446)

3 Nephi 12:27–30 (Aklat ni Mormon, pahina 632; tingnan din sa Mateo 5:27–30 sa Bagong Tipan)

"Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" (Matutulungan kayo ng mga misyonero o ng isang miyembro ng Simbahan na makakuha ng kopya ng dokumentong ito at ng *Tapat sa Pananampalataya* at *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, na nakalista sa ibaba. Makikita rin ninyo ito sa Internet sa www.mormon.org.)

"Kalinisang-puri," *Tapat sa Pananampalataya*

### Paano ako magkakaroon ng lakas na kailangan ko para masunod ang batas ng kalinisang-puri?


I Mga Taga Corinto 10:13 (Biblia, Bagong Tipan)

Mosias 4:29–30 (Aklat ni Mormon, mga pahina 223–224)

Alma 38:12 (Aklat ni Mormon, pahina 445)

Polyetong *Para sa Lakas ng mga Kabataan*

# *Ano ang Dapat Kong Gawin?*




- *Patuloy na basahin ang Aklat ni Mormon.*
  *Mga mungkahing babasahin:* ____________________

  ____________________

- *Ipamuhay ang batas ng kalinisang-puri. Humingi ng tulong sa panalangin na masunod ninyo ang utos na ito.*
- *Magsimba sa Linggong darating.*
- *Patuloy na maghanda para sa binyag.*
  *Petsa ng Binyag:* ____________________
- *Bisitahin ang www.mormon.org upang maragdagan ang kaalaman tungkol sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.*
- *Patuloy na magpaturo sa mga misyonero upang maragdagan ang kaalaman tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo.*

  *Susunod na pagkikita:* ____________________

  *Pangalan at numero ng telepono ng mga misyonero:*

  ____________________

  ____________________

  ____________________

  ____________________

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

**www.mormon.org**

TAGALOG
4 02011 63893 5
01163 893

**Image Credits**
Pabalat sa harapan, detalye mula sa *Siya ang Inyong Pakinggan,* ni Simon Dewey. © Simon Dewey
Pahina 6, *Ang Tagapagligtas,* ni Del Parson. © Del Parson

© 2007 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa USA.
Pagsang-ayon sa Ingles: 2/06. Pagsang-ayon sa pagsasalin: 2/06. Pagsasalin ng *Chastity.* Tagalog